Malimit Na Mga Tanong Tugkol sa
HAKBANG A
Tandaang Bumoto sa Marso ika-3

Binago 12/10/08

T. Ano ang Hakbang A?

S. Ang Hakbang A ay lalabas sa ating Marso 2009 na balota at simpleng magsasapanahon ng umiiral, aprobado-ng-botante ng Bellflower na mga tagagamit ng kagamitan na buwis utility users tax (UUT) upang lubos na sumunod sa mga bagong regulasyong pederal at isama ang mga modernong teknolohiya sa komunikasyon, magsiguro na ang mga residente ay tinatrato ng pantay sa kabila ng teknolohiyang gamit. Ang Hakbang A ay hindi nagtataas ng singil ng buwis.

T. Ano ang Mga Tagagamit ng Kagamitan na Buwis Utility Users Tax (UUT)?

S. Ang UUT ay isang buwis sa may mga kagamitang singil o utility bills. Mula noong 1993, ang mga residente ng Bellflower ay nagbayad ng isang UUT. Tulad ng mga ibang lungsod sa California, ang Bellflower ay gumagamit nitong mga pondo ng UUT upang magbigay ng mga mahahalagang serbisyo sa lungsod, na ang 80% ay nakalaan sa mga programang pagpupulis sa komunidad. Ang mga kita mula sa UUT ng Bellflower ay nagpopondo ng mga serbisyo sa komunidad, tulad ng:

◊ Mga Pagpapatrol ng Serip sa Purok

Pinagpatuloy

- ◊ Mga Programang Pangkaligtasan sa Eskuwela at mga Bantay sa Pagtawid sa Eskuwela

- ◊ Mga Operasyon ng Estasyon ng Serip ng Bellflower

- ◊ Pagtatanggal ng grapiti

T. Ano ang ginagawa ng Hakbang A?

S. Ang Hakbang A ay nagsasapanahon ng kasalukuyang ordinansa sa UUT ng walang pagtaas sa umiiral na singil ng buwis. Ang mga batas at teknolohiya ay nagbago, kaya't nangangailangang isapanahon ang ating lokal na hakbang upang takpan ang mga lusutan, tratuhin ang mga residente ng pantay, at protektahan ang mga lokal na kita na nagpopondo sa pangpublikong kaligtasan at iba pang mahahalagang serbisyo. Ang Hakbang A ay nagpapanatili ng mga kasalukuyang hindi saklaw ng batas para sa mga residenteng may mababang na suweldo at hindi isang bagong buwis.

T. Bakit natin kailangan ang Hakbang A?

S. Meron ngayong 80,000 na mga miyembro ng gang at 1,200 na mga gang sa kawnti ng Los Angeles. Mula ng simulan ang UUT ng Bellflower noong 1993, ang pangkalahatang antas ng krimen sa Bellflower ay bumaba ng 50%.

Pinagpatuloy

Ang Hakbang A ay patuloy na nagpopondo para sa mga programang pangkabataan na nagsisilbi sa 1,500 na mga bata: kontra-gang at mga programang pag-iwas sa droga upang puksain ang mga gang, pagkatapos-ng-eskuwelang mga gawain ng mga bata na tumutukoy sa dahas ng kabataan, at mga programang pampalipas-oras na naglalayo sa mga bata sa lansangan at wala sa gulo.

T. Maaari ba akong makatanggap ng parehong taas ng mga serbisyo kahit wala ang isang UUT?

S. Hindi. Kung wala ang isang UUT, ang ating lungsod ay kakailanganing labis na magbawas ng mga serbisyo sa komunidad. Ang Hakbang A ay nagsisiguro ng lahat ng protektadong kita para sa ating publikong kaligtasan at iba pang mga serbisyo, na hindi makukuha ng Washington o Sacramento.

T. Paano naming malalaman na ang mga pondo ay patuloy na gagastusin ng may pananagutan?

S. Lahat ng mga kita mula sa UUT ay nasa ilalim ng taunang, independenteng awdit. Lahat ng sinsilyo na nakukuha sa pamamagitan ng Hakbang A ay nananatili sa Bellflower at maaari lamang gamitin para sa mga serbisyo na mapapakinabangan ng mga lokal na residente. Ang publiko ay patuloy na muling magsusuri ng lahat ng mga gastusin sa badyet ng lungsod upang masiguro na ang lahat ng mga pondo ay ginagastos ayon sa kailangan.

T. Paano ako makakakuha ng mas maraming impormasyon?

S. Pakibisita ang websayt ng Lungsod sa www.bellflower.org